
**Pagsasanay A** Unawain ang sitwasyon sa bawat bilang. Pagkatapos ay bilugan ang titik ng wastong hinuha para sa susunod na mangyayari.

1. Malapit nang matuyo ang mga sinampay ni Aleng Choleng. Maya-maya, biglang namuo ang makapal at madilim na ulap. Bigla ring kumidlat.



   a. Mabilis na matutuyo ang mga sinampay.
   b. Uulan at mababasa ang mga sinampay.
   c. Kailangang labhan muli ang mga sinampay.

2. Nagpaalam si Gab sa kaniyang *mommy*. Pupunta siya sa kaibigan niyang si Asi. Sinabi niyang alas-3 ng hapon siya uuwi. Masyadong naaliw sa paglalaro sina Gab at Asi. Pagtingin ni Gab sa relos ay mag-aalas-4 na ng hapon.



   a. Magpapatuloy sa paglalaro ang magkaibigan.
   b. Magmamadaling umuwi si Gab at hihingi ng tawad sa kaniyang *mommy*.
   c. Magpupunta pa sila sa kaibigan nila sa kabilang barangay.

3. Kaarawan ni Ayezia. Malungkot siya dahil akala niya ay darating na ang kaniyang *daddy*. Sa ibang bansa kasi ito nagtatrabaho. Lumapit ang *mommy* ni Ayezia sa kaniya. Sinabi nitong huwag na siyang malungkot dahil may sorpresa siyang bisita.



   a. Masayang-masaya si Ayezia dahil dumating na ang kaniyang *daddy*.
   b. Umiyak nang umiyak si Ayezia.
   c. Magpupunta sila sa ibang bansa. Doon na lang ipagdiriwang ang kaarawan ni Ayezia.